



# Paalala Ukol sa Booster Shot ng COVID-19 (Ikaapat na bakuna)



Website ng lungsod ng Gifu  
Top page ng COVID-19  
vaccine

## Mga kailangang gawin para makapagpabakuna

### 1 Matatanggap ang form ng medikal na pagsusuri para sa bakuna sa coronavirus

Kailangang lumagpas ng higit limang buwan matapos ang ikatlong bakuna bago maaaring makapagpabakuna para sa booster shot ng COVID-19 (ikaapat na bakuna) (kasalukuyan Mayo 25, 2022)

- Taong nasa higit 60 taong gulang
- Sinumang ang edad ay sa paitan ng 18 gulang pataas at 60 taong gulang pababa na may dinadalang karamdaman(※) o napag-alaman ng doktor na maaaring lumala ang sintomas dahil sa COVID-19

(※) Tingnan gamit ang QR code sa kanan ang mga sakit na maaaring lumala dahil sa COVID-19.



※Tingnan ang COVID-19 Vaccine Q&A ng Ministry of Health, Labor and Welfare para detalyadong malaman ang mga sakit na maaaring lumalala dahil sa COVID-19.

### 2 Maghanap ng paggamutan o vaccination venue

Alamin sa mga anunsyo at website ng Lungsod ng Gifu, Corona Vaccine Navi(<https://v-sys.mhlw.go.jp>) ng national na pamahalaan ang mgapaggamutan at vaccination venue na nagsasagawa ng bakuna.

Talaan ng mga Vaccination Venue sa Lungsod ng Gifu

Vaccination Venue ng Lungsod ng Gifu  Search

Isahang pagpapabakuna sa mga paggamutan (ikaapat na bakuna)



Venue para sa maramihang pagpapabakuna ng Lungsod ng Gifu



※Tawagan ang Vaccination Call Center ng Lungsod ng Gifu na nakasulat sa ibaba kung sakaling hindi makahanap ng paggamutan at vaccination venue.

※Maaari lamang makapagpabakuna sa lungsod kung saan ka nakapagparehistro, maliban na lamang kung kasalukuyan kang naka-admit sa paggamutan o naninirahan sa isang pasilidad ng gobyerno, atbp.

Tingnan ang likod ng papel para sa pagpapabakuna sa ibang lugar na hindi nakarehistro ang tirahan.

※Hindi maaaring kumuha ng diretsong appointment sa Corona Vaccine Navi.

### 3 Magpa-appointment at magpabakuna

Bayad sa bakuna **Libre**  
(Galing sa pampublikong pundo)

Kung may mga katanungan tungkol sa pagpapa-appointment tumawag sa call center at paggamutang may appointment.

Sa malapit na paggamutan

Kumuha ng appointment direkta sa paggamutan (telepono, internet, atbp.)

Venue para sa maramihang pagpapabakuna ng Lungsod ng Gifu

Website : Para sa appointment gamit ang website→



Call Center : 058-252-0580

(8:45AM~5:30PM, bukas rin ng Sabado, Linggo at piyesta opisyal)



Kompletong laman ng sobre

+



My number card, atbp

Mga dadalhin

- ①Form ng medikal na pagsusuri para sa bakuna sa coronavirus
- ②Sertipikasyon ng Bakuna (Ang① at ②ay maaaring magkadugtong ng butas na linya)
- ③Patunay ng pagkakakilanlan (my number card, driver's license card, residence card, atbp)
- ④Booklet ng Gamot (Sa mga mayroon lamang)

※Nakalakup sa sobre ang "①Form ng medikal na pagsusuri para sa bakuna sa coronavirus" at "②Sertipikasyon ng Bakuna". Inatang huwag mawala ang mga ito.

(Huwag ihiwalay ang ①Form ng medical na pagsusuri para sa bakuna sa coronavirus at ②Sertipikasyon ng Bakuna at dalhin ang mga ito sa vaccination site.)

※Bago ang pagpapabakuna suriin ang temperatura ng iyong katawan sa inyong bahay, atbp. Kung may lagnat at masama ang iyong pakiramdam, huwag nang tumuloy at tawagan ang paggamutan o vaccination site na nakatakdang puntahan.

※Sa pagpapabakuna, magsuot ng **damit na agad mailalabas ang balikat.**